WCB FACTS 2017

PAGSAMPA NG APELA SA ISANG DESISYON SA PAGTASA

Anong uri ng mga desisyon sa pagtasa ang maaaring iapela?

Lahat ng mga desisyong ginawa sa pamamagitan ng Kagawaran para sa Serbisyo ng Pagtasa (Assessment Services Department) ay maaaring iapela. Ang mga halimbawa ng ganitong uri ng desisyon ay kinabibilangan ng mga situwasyon kung saan ang WCB ay nagpataw ng isang administratibong multa o interes sa dapat bayarang halaga, mga pagpapasya sa takdang halaga, mga resulta sa pag-audit, pagpataw ng tulong sa gastusin (cost relief), paglilipat ng mga gastusin, at/o pagpapasya ng katayuan ng manggagawa.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon sa pagtasa?

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa ng Kagawaran para sa Serbisyo ng Pagtasa, maaari mong iapela ang desisyon sa pamamagitan ng pagdokumento ng iyong di pagsang-ayon sa isyu o desisyon sa pamamagitan ng kasulatan at ipadala ito sa:

WCB Assessment Committee
333 Broadway
Winnipeg MB R3C 4W3

Fax: (204) 954-4900
Walang bayad na fax sa Canada:
1-866-245-0796

Ang iyong nakasulat na pagtutol ay dapat kasama ang numero ng iyong account, ang isyu na nais mong matugunan at anumang impormasyon na sa iyong palagay ay nararapat na isaalang-alang kapag nirepaso ang desisyon.

Sino ang maaaring makipag-ugnayan sa WCB upang iapela ang desisyon sa pagtatasa?

Sinumang employer, o kinatawan ng isang employer (dapat magbigay ng awtorisasyon para sa kinatawan), ay maaaring makipag-ugnayan sa amin hinggil sa isang apela ng desisyon sa pagtasa anumang oras pagkatapos magawa ang paunang desisyon.

Sino ang magrerepaso sa apela ng desisyon sa pagtasa?

Muling isasaalang-alang ng Komite ang antas ng apela para sa mga desisyon sa pagtasa. Ang komite ay binubuo ng tatlong senior na mga indibidwal mula sa Kagawaran para sa Serbisyo ng Pagtasa. Upang manatiling walang kinikilingan,

sinumang kasangkot sa paunang desisyon ay hindi magiging miyembro ng Komite sa Pagtasa.

Ano ang gagawin ng Komite sa Pagtasa sa apela?

Kapag natanggap ng Komite sa Pagtasa ang iyong kahilingan para sa apela. Ipagbibigay-alam nila sa iyo ang kanilang pagtanggap sa iyong apela at magkakaloob sa iyo ng isang inaasahang tagal ng panahon na makakaasa kang may ipapalabas na desisyon.

Ang Komite sa Pagtasa ay magsasagawa ng isang independiyenteng pagrepaso sa impormasyon.

Sa pagrepaso nito, isasaalang-alang ng Komite sa Pagtasa ang lahat ng impormasyon na may kaugnayan sa isyu, magsasagawa ng karagdagang imbestigasyon at hihiling ng bago o karagdagang impormasyon kung naaangkop.

Ipapaalam ng Komite sa Pagtasa ang kanilang desisyon sa iyo sa pamamagitan ng isang kasulatan.

Gaano katagal bago makakapagdesisyon para sa apela?

Ang karamihan sa mga desisyon ay ipinapalabas sa loob ng 30 araw mula nang isampa ito.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon ng Komite sa Pagtasa?

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon ng Komite sa Pagtasa, maaari kang magpatuloy sa huling antas ng apela na tinatawag na Komisyon sa Apela.

Upang simulan ang iyong apela sa Komisyon sa Apela, humiling ng form sa pag-apela sa pagtasa sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Scheduling Coordinator sa (204) 925-6110 o sa pamamagitan ng fax sa (204) 943-4393. Kapag nakumpleto mo na ang form ng pag-apela sa pagtasa, tiyaking kilalanin ang isyu na nais mong iapela.

Kung ang iyong apela ay naglalaman ng bagong impormasyon, sa gayon ay kailangan mong ipadala ang impormasyon pabalik sa Komite sa Pagtasa dahil ang Komisyon sa Apela ay hindi maaaring duminig, magbigay ng hatol sa, kahit na anong bagay na hindi naikunsidera ng Komite sa Pagtasa.

Kahit na ang Komisyon sa Apela ay gumaganap nang hiwalay mula sa Workers Compensation Board, ito ay napapailalim sa mga tuntunin na naitakda sa The Workers Compensation Act at mga patakaran ng WCB.

Para sa karagdagang impormasyon sa pagrerepaso ng mga desisyon sa pagtatasa, makipag-ugnayan sa Departamento ng WCB sa Mga Serbisyo ng Pagtatasa (Assessment Services Department) sa (204) 954-4505 o nang walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.